



## UTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN PARA SA PAGKONTROL NG COVID-19

Utos sa Emerhensyang Pagbubukod ng Pampublikong Kalusugan

Nirebisang Utos na Inilabas: **Mayo 18, 2022**

**Epektibo mula noong 12:01am na Huwebes, Mayo 19, 2022**

Ang Order na ito ay pumapalit sa **Marso 16, 2022** na Utos sa Emerhensyang Pagbubukod ng Pampublikong Kalusugan.

Ang Order na ito ay epektibo hanggang sa ipawalang-bisa ng Opisyal ng Kalusugan.

### MANGYARING BASAHIN NANG MAINGAT ANG KABUUNANG UTOS NA ITO.

**Maiikling Pagbabago:** (Mga pagbabago ay nakahaylayt ng dilaw):

**5/18/2022:**

- Ang Utos ng Pagbubukod ay nirebisa bilang tugon sa mga pagbabago sa Abril 6, 2022, [Gabay para sa mga Hurisdiksyon ng Lokal na Kalusugan sa Pagbubukod at Pagkukulong ng Pangkalahatang Publiko](#) ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado.
- Binabago ang kahulugan ng “malapitang nakasalamuha” para itugma sa bagong kahulugan ng CDPH na: “ang mga tao na nakikibahagi sa parehong panloob na espasyo ng hangin, hal., tahanan, silid-hintayan ng klinika, eroplano, atbp., para sa pinagsama-samang kabuuan na 15 minuto o higit pa sa 24 na oras na panahon (halimbawa, tatlong indibidwal na 5 minutong pagkakalantad para sa kabuuan na 15 minuto) sa panahong nakakahawa ang nahawahang tao (kumpirmado ng laboratoryo o klinikal na dayagnosis).”

### **SINO ANG INAATASAN NA SUMUNOD DITO SA UTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN**

Ang lahat ng mga indibidwal, hindi alintana ang katayuan sa pagpapabakuna, nakaraang impeksyon, o kakulangan ng mga sintomas, na naninirahan o nagtatrabaho sa Hurisdiksyon ng Kalusugan ng Los Angeles County, na nasuring positibo o nadayagnos na mayroong COVID-19 ay inaatasan na ibukod (ihiwalay) ang kanilang mga sarili mula sa iba at sundin ang lahat ng mga tagubilin sa Utos na ito hanggang sa ligtas na silang makasama ang iba. Ang tao ay itinuturing na nadayagnos na may COVID-19 batay sa isa o sa parehong sumusunod na pamantayan:

- a) Sila ay nakatanggap ng positibong pagsusuri sa virus (viral) para sa COVID-19 at/o
- b) Ang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (healthcare provider) ay klinikal na naghihinala na sila ay may COVID-19.

### **ANO ANG KINAKAILANGAN MONG GAWIN KUNG IKAW AY MAY COVID-19**

Para mapigilan ang pagkalat ng COVID-19, ang Opisyal ng Kalusugan ng Los Angeles County (“Health Officer”) ay nag-aatas sa lahat na nasuring positibo para sa o nadayagnos na may COVID-19, hindi alintana ang katayuan sa pagpapabakuna, nakaraang impeksyon, o kakulangan ng mga sintomas na agad na:

- a) Ibukod ang sarili (manatili sa iyong bahay o iba pang tirahan at malayo sa iba) nang hindi bababa sa 5 araw, tingnan ang mga detalye ng “Tagal ng Pagbubukod sa Sarili” na nasa ibaba, at
- b) Magsuot ng mataas na antas na nakapagpoprotektang maskara hanggang sa matapos ang iyong pagbubukod. Kung natutugunan mo ang pamantayan para lisanin ang pagbubukod bago ang 10 araw, mariing inirerekomenda\* na patuloy kang magsuot ng mataas na antas



na nakapagpoprotektang maskara sa paligid ng iba, lalo na sa panloob na mga lugar, sa kabuuan na 10 araw pagkatapos ng anuman sa positibong pagsusuri sa virus ng COVID-19 o ang unang buong araw pagkatapos lumabas ang iyong mga sintomas. Ang maskara ay dapat na lapat na akmang kasya na medikal na maskara, lapat na akmang kasyang respireytor, o lapat na akmang kasyang mataas na nakakapanalang masakara na may kawing sa ilong na magagamit nang paulit-ulit (tingnan ang [ph.lacounty.gov/masks](https://ph.lacounty.gov/masks) para sa mga detalye tungkol sa mga maskara na may pinakamahusay na proteksyon), at

\* Tandaan na ang mga patakaran sa pagbabalik-trabaho para sa mga empleyado ay *nag-aatas ng pagmamaskara*. Tingnan ang [Mga Patakaran sa Pagbukod para sa mga Empleyado na Nasuring Positibo](#).

- c) Sabihin ang iyong mga malapitang nakasalamuha na sila ay nalantad at kailangang sundin ang [Mga Tagubilin para sa Mga Malapitang Nakasalamuha sa COVID-19](#) na makukuha sa [ph.lacounty.gov/covidcontacts](https://ph.lacounty.gov/covidcontacts), at
- d) Sagutin ang telepono kung makakatanggap ka ng tawag mula sa Pampublikong Kalusugan (“Public Health”) ng Kagawaran ng Los Angeles County o (833) 641-0305 para kumpletuhin ang panayam sa telepono o kung makakatanggap ka ng tekstong mensahe mula Pampublikong Kalusugan ng Kagawaran ng Los Angeles County kumpletuhin ang online na panayam sa kaso sa loob ng 24 na oras ng pagkakatanggap ng teksto, at
- e) Kung nakapanayam, kilalanin ang mga malapitang nakasalamuha sa Pampublikong Kalusugan (“Public Health”) na maaaring nangangailangan ng tulong sa pagkukulong (quarantine) o iba pang mga reperal (referral) at mapagkukunan, at
- f) Sundin ang lahat ng mga tagubilin sa Utos na ito.

**Mga Kapaligiran ng Lugar ng Trabaho:** Maaaring madesisyunan ng mga amo (employers) kung ang kanilang mga empleyado/kontraktor na may COVID-19 ay dapat na kumumpleto ng buong 10 araw ng pagbukod bago magbalik sa trabaho o kung sila ay maaaring magbalik sa trabaho pagkatapos ng ika-5 Araw, kung ang lahat ng [inaatas na pamantayan sa pagbabalik-trabaho ay natugunan](#). Pinapayuhan ang mga empleyado/kontraktor na kumuha ng impormasyon mula sa kanilang amo (employer). Sa mga kapaligiran ng lugar ng trabaho, ang mga amo at empleyado ay sumasailalim sa [Mga Pansamantalang Pamantayan sa Pang-emerhensyang Pagpigil sa COVID-19](#) (COVID-19 Prevention Emergency Temporary Standards o ETS) ng Cal/OSHA at dapat na sundin ang karagdagang naaangkop na mga patakaran ng ETS para sa mga lugar ng trabaho at para sa mga lugar na nakakaranas ng pagsiklab ng COVID-19 sa hanay ng mga tauhan nito sa trabaho. Tingnan ang [Mga Kadalasang Tanong \(FAQs\) sa ETS ng Cal-OSHA](#). Kung ikaw ay isang manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan, tingnan ang [Mga Paghihiqpit para sa mga Tauhan ng Pangangalagang Pangkalusugan na may Impeksyon ng SARS-CoV-2 \(Pagbukod\)](#).

## **MGA TAGUBILIN**

### **1. Ibukod ang Sarili Hanggang sa Wala Ka ng Panganib sa Pagkakalat ng COVID-19 sa Iba**

Ikaw, hindi alintana ang iyong katayuan sa pagpapabakuna, nakaraang impeksyon ng COVID-19, o kakulangan ng mga sintomas, ay dapat na ibukod ang iyong sarili (manatili sa iyong bahay o sa iba pang tirahan at malayo mula sa iba) ng hindi bababa sa 5 araw man lamang at hanggang sa ikaw ay hindi na panganib para sa pagkakalat ng COVID-19 (tingnan ang “Tagal ng Pagbukod ng Sarili” na nasa ibaba). Hanggang sa oras na iyon, hindi ka maaaring umalis sa iyong lugar ng pagbukod, maliban kung tatanggap ng kinakailangang medikal na pangangalaga.

Ikaw ay inatasan na ibukod ang sarili dahil maaari mong maikalat ang COVID-19 sa iba. Kung may positibo kang pagsusuri (positive test), at hindi pa ginawa, isaalang-alang ang pakikipag-ugnayan sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (healthcare provider), pangklinikang linya sa pagpapayo (clinician advice-line), o tagapagbigay ng telemedicine para sa medikal na pagsusuri at posibleng pagpapagamot.

Ikaw ay maaaring kontakin ng Pamublikong Kalusugan para sa panayam ng pagkilala sa lahat ng nakasalamuha (contact tracing). Dapat mong kilalanin ang iyong mga malapitang nakasalamuha, tulad ng ipinakahulugan sa ibaba, sa Pamublikong Kalusugan, nang sa gayon ang Pamublikong Kalusugan ay maaaring tukuyin kung mayroong pagsiklab na nauugnay sa iyong kaso at para limitahan ang karagdagang pagkalat ng impeksyon sa iba.

### **Mga Tagubilin sa Pagbubukod ng Sarili**

Habang ikaw ay nakabukod, hindi ka maaaring umalis sa lugar ng iyong pagbubukod, maliban para tumanggap ng kinakailangang medikal na pangangalaga o para sa pagsusuri sa COVID-19. Magsuot ng [mataas na antas na nagpoprotektang maskara](#) kung dapat kang nasa paligid ng iba, kabilang ang mga miyembro ng iyong sariling sambahayan. Ikaw ay inatasan na sundin ang Mga Tagubilin sa Pagbubukod sa Bahay para sa mga Taong may Impeksyon ng COVID-19, na magagamit sa Ingles, Espanyol, at iba pang mga wika sa <http://ph.lacounty.gov/covidisolation>.

### **Tagal ng Pagbubukod sa Sarili**

Ikaw ay dapat na manatili sa bahay at magbukod na malayo sa iba nang hindi bababa sa 5 araw. Kung gaano katagal kang magbubukod ay depende kung mayroon kang [mga sintomas](#) at kung nakakuha ka ng negatibong resulta ng kasunod na pagsusuri sa virus ng COVID-19 na kinuha mula sa ispesimen na kinolekta sa ika-5 Araw o kalaunan. Kung [nangolekta ka ng ispesimen at nagpasuri noong ika-5 araw o kalaunan](#), mas mainam na gumamit ng pagsusuring antigen dahil ang mga pagsusuring NAAT/PCR ay mas malamang na manatiling positibo kahit na hindi ka na nakakahawa.

Mangyaring tandaan: Kung natutugunan mo ang pamantayan sa pagtatapos ng pagbubukod bago ang ika-11 Araw, *mariing inirerekomenda* na ikaw ay magsuot ng mataas na antas na nagpoprotektang maskara sa paligid ng iba, lalo na sa mga panloob na kapaligiran, para sa kabuuan na 10 araw pagkatapos ng positibong pagsusuri sa virus ng COVID-19 o ang unang buong araw pagkatapos na lumabas ang iyong mga sintomas. Dagdag pa, para sa pagbabalik-trabaho, ikaw ay *inatasan* na magsuot ng maskara para sa kabuuan na 10 araw pagkatapos ng positibong pagsusuri sa virus ng COVID-19 o ang unang buong araw pagkatapos na lumabas ang iyong mga sintomas. Tingnan ang [Mga Patakaran sa Pagbukod para sa mga Empleyado na Nasuring Positibo](#).

A) Kung nasuri kang positibo para sa COVID-19 at may mga sintomas o kung iniisip ng iyong doktor\* na mayroon kang COVID-19, dapat kang manatili sa bahay hanggang:

- Hindi bababa sa 5 araw na ang nakalipas simula nang unang lumabas ang iyong mga sintomas at
- Mayroon kang negatibong resulta ng pagsusuri sa virus<sup>1</sup>(viral) ng COVID-19 mula sa ispesimen na kinolekta noong ika-5 Araw o kalaunan, at
- Hindi ka na nagkaroon ng lagnat ng hindi bababa sa 24 na oras nang hindi gumagamit ng gamot na nakapagpapababa ng lagnat; at
- Ang iyong mga sintomas ay wala na o bumubuti na.

<sup>1</sup> Ang pagsusuri ay dapat na [Awtorisado ng FDA](#) na pagsusuri sa virus ng COVID-19 tulad ng pagsusuring antigen o NAAT/PCR. Mas pinipili ang mga pagsusuring antigen. Tinatanggap ang mga pagsusuri ng sarili, ngunit kung gagamitin para sa pagbabalik sa trabaho dapat na sila ay maobserbahan o maiulat sa partikular na paraan. Para sa mas maraming pang impormasyon, tingnan ang [Cal-OSHA Testing FAQs](#). Tanungin sa iyong amo (employer) ang tungkol sa kung paano masusuri.



**-O-**

- Hindi bababa sa 10 araw ang nakalipas mula nang magsimula ang iyong mga sintomas; at
- Hindi ka na nagkaroon ng lagnat ng hindi bababa sa 24 na oras nang hindi gumagamit ng gamot na nakapagpapababa ng lagnat;

Ang ika-0 Araw ay ang iyong unang araw ng mga sintomas. Ang ika-1 Araw ay ang unang buong araw pagkatapos kang magkaroon ng mga sintomas.

*\* Kung sa una ay iniisip ng iyong doktor na ang iyong mga sintomas ay dahil sa COVID-19 (at hindi ka nasuring positibo para sa COVID-19) ngunit muli nilang sinuri ang iyong dayagnosis at nagpasya na hindi ka nahawahan, maaari kang tumigil na magbukod pagkatapos ng 24 na oras na walang lagnat nang hindi gumagamit ng gamot na nakapagpapababa ng lagnat. Tandaan: Kung ikaw ay malapitang nakasalamuha ng taong may COVID-19, dapat mong sundin ang [Mga Tagubilin para sa mga Malapitang Nakasalamuha](#) na webpage.*

B) Kung ikaw ay nasuring positibo para sa COVID-19, at hindi ka nagkaroon kailanman ng mga sintomas, dapat kang manatili sa bahay hanggang:

- Hindi bababa sa 5 araw ang nakalipas mula makunan ng iyong paunang positibong virus ng COVID-19 na resulta ng pagsusuri, at
- Mayroon kang negatibong resulta ng pagsusuri sa virus<sup>2</sup>(viral) ng COVID-19 mula sa ispesimen na kinolekta noong ika-5 Araw o kalaunan.

**-O-**

- Dapat kang manatili sa bahay nang 10 araw pagkatapos makunan ng iyong paunang positibong pagsusuri.

Ang ika-0 Araw ay ang araw na kinunan ng iyong positibong pagsusuri. Ang ika-1 Araw ay ang unang buong araw pagkatapos na kunan ng iyong positibong resulta. *Tandaan: kung ikaw ay magkakaroon ng mga sintomas habang ikaw ay nakabukod*, dapat mong sundin ang Tagal ng Sariling Pagbukod tulad ng inilarawan sa itaas, sa *Seksyon (a)*.

## 2. Sabihan ang Iyong mga Malapitang Nakasalamuha na Sila ay Nalantad

Dapat mong abisuhan ang lahat ng iyong mga malapitang nakasalamuha, tulad ng tinukoy sa ibaba, na sila ay nalantad sa COVID-19 at dapat nilang sundin ang Mga Tagubilin para sa mga Malapitang Nakasalamuha sa COVID-19, na magagamit sa Ingles, Espanyol, at iba pang mga wika sa [ph.lacounty.gov/covidcontacts](http://ph.lacounty.gov/covidcontacts).

### Kahulugan ng Malapitang Nakasalamuha

Para sa mga layunin ng Utos na ito, ang “malapitang nakasalamuha” ay tinukoy bilang ang mga tao na nakibahagi sa iyo ng parehong panloob na espasyo ng hangin, halimbawa, tahanan, silid-hintayan ng klinika, eroplano, atbp. para sa sama-samang kabuuang 15 minuto o higit pa sa 24 na oras na panahon (halimbawa, tatlong indibidwal na 5-minutong pagkakalantad para sa kabuuan na 15 minuto) habang ikaw ay itinuturing na nakakahawa.

*\* Ikaw ay itinuturing na nakakahawa mula 2 araw bago ang iyong mga sintomas ay unang lumabas hanggang sa oras na hindi ka na inaatasan na magbukod. Kung mayroon kang positibong COVID-19 virus na pagsusuri, ngunit walang mga sintomas, ikaw ay itinuturing na nakakahawa 2 araw bago ka kinunan ng iyong unang positibong pagsusuri hanggang sa hindi ka na inaataasang magbukod (tulad ng inilarawan sa “Tagal ng Pagbukod ng Sarili” sa itaas)*

**Tandaan:** Sa ilang partikular na Mataas na Panganib na mga Kapaligiran at iba pang mga kapaligiran sa trabaho na sumasailalim sa Mga Pansamantalang Pamantayan sa Emerhensya ng

<sup>2</sup> Pareho ng nasa itaas.



Cal/OSHA, ang kahulugan ng malapitan g nakasalamuha ay maaaring mag-iba-iba. Mangyaring tingnan ang gabay na partikular sa sektor ng Pampublikong Kalusugan ng County tungkol sa pagtukoy ng mga malapitang nakasalamuha na maaaring mangailangan ng pagkukukong o pagbukod mula sa trabaho.

### 3. Kumpletuhin ang Panayam sa Imbestigasyon ng Kaso sa Pampublikong Kalusugan

Kung makakatanggap ka ng tawag o tekstong mensahe mula sa Pampublikong Kalusugan, mahalaga na ikaw ay sumagot sa amin. Maaaring makita ito sa iyong telepono bilang “LA PublicHealth” o 1(833) 641-0305. Ang tekstong mensahe ay magmumula sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County at kabibilangan ng nag-uugnay [link] sa online na panayam sa kaso. Habang tumatawag, makakatanggap ka ng impormasyon tungkol sa mga magagamit na serbisyo, magkakaroon ng pagkakataon na magtanong, at hihilingin na sumagot ng mga simpleng katanungan tulad ng kung anong mga lugar ang pinuntahan mo at sinong mga tao ang nasa paligid mo habang ikaw ay nakakahawa.

### LAYUNIN NG UTOS

Ang layunin ng Utos na ito ay para tumulong pabagalin ang pagkalat ng COVID-19, para protektahan ang mga indibidwal na may mataas na panganib, at para protektahan ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan mula sa biglaang pagtaas ng mga kaso sa kanyang mga pang-emerhensyang silid at mga hospital. Ang virus ay madaling kumalat sa pagitan ng mga tao na malapitang nakasalamuha ng bawat isa, lalo na kung sila ay hindi pa ganap na nabakunahan.

Ang mga taong hindi pa nabakunahan laban sa COVID-19 ay nasa pinakamataas na panganib na mahawa sa COVID-19. Ang mga hindi pa nabakunahang mas matatanda at mga hindi pa nabakunahang tao na mayroong [partikular na mga medikal na kondisyon](#) ay nasa pinakamataas na panganib na malubhang magkasakit (mas malamang na mahospital, mangailangan ng masinsinang pangangalaga, mangailangan ng bentileytor para makahinga, o mamatay) mula sa sakit na COVID-19. Ang mga taong may [huminang mga sistema ng imyunidad](#) na ganap nang nabakunahan ay maaaring hindi tumugon nang mabuti sa bakuna kung kaya’t sila ay maaaring nasa panganib pa rin ng labis na pagkakasakit. Dahil sa pagkakaroon ng baryanteng Omicron, nadadagdagan ang porsyento ng ganap nang nabakunahang mga tao ay maaaring mahawa at nahahawa na. Gayunpaman, ang mga taong ganap nang nabakunahan at nabakunahan ng pampalakas na bakuna (boosted) ay nananatiling nasa pinakamababang panganib na mahawahan at lubos na protektado mula sa labis na pagkakasakit at pagkamatay mula sa COVID-19. Ang mahalaga, ang mga impeksyong ito pagkatapos ng pagpapabakuna ay karaniwang nagsasanhi lamang ng mga banayad na sintomas, kung mayroon man. Gayunpaman, posible pa rin para sa mga taong ganap nang nabakunahan na magkalat ng virus sa iba.

Ang Utos na ito ay batay sa ebidensya sa agham at mga pinakamahuhusay na kasanayan, na kasalukuyan ay nalalaman at magagamit. Ang pagbubukod at pagkukulong (quarantine) ay inirerekomenda ng Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil sa Sakit (CDC) at iba pang mga eksperto sa pampublikong kalusugan bilang napatunayang estratehiya para sa pagpigil ng transmisyong COVID-19.

### LEGAL NA AWTORIDAD

Ang Utos ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Los Angeles ay ginawa sa ilalim ng awtoridad ng Kalusugan ng California at mga Seksyon sa Pangkaligtasang Kodigo 101040, 101085, 120175, 120215, 120220, 120225, at 120295, at ang Kodigo ng Los Angeles County na mga Seksyon 11.02.030. Ang Opisyal ng Kalusugan ay maaaring gumawa ng karagdagang (mga) aksyon, na maaaring kabilangan ng pagbibilanggo ng sibilyan (civil detention) o pag-aatas sa isang tao na manatili sa pasilidad ng kalusugan o iba pang lokasyon, o paglalabas ng administratibong pagsita, para protektahan ang kalusugan ng publiko kung ang indibidwal na sumasailalim sa Utos na ito ay lalabag o hindi susunod sa Utos na ito.





## **MGA MAPAGKUKUNAN (RESOURCES)**

- Mga Tagubilin sa Pagbubukod sa Bahay para sa mga Taong may COVID-19:  
<http://ph.lacounty.gov/covidisolation> (Ingles at iba pang mga wika) at  
<http://ph.lacounty.gov/covidaislamiento> (Espanyol)

### **Mga Mapagkukunan para sa mga Malapitang Nakasalamuha**

- Tagubilin parasa mga Malapitang Nakasalamuha sa COVID-19:  
<http://ph.lacounty.gov/covidquarantine> (Ingles at iba pang mga wika)  
<http://ph.lacounty.gov/covidcuarentena> (Espanyol)
- Utos sa Pang-emerhensyang Pagkukulong (Quarantine) ng Pampublikong Kalusugan:  
[http://ph.lacounty.gov/Coronavirus/docs/HOO/HOO\\_Coronavirus\\_Blanket\\_Quarantine-Tagalog.pdf](http://ph.lacounty.gov/Coronavirus/docs/HOO/HOO_Coronavirus_Blanket_Quarantine-Tagalog.pdf) (Tagalog)  
<http://ph.lacounty.gov/Coronavirus/reopening-la.htm#quarantine> (Ingles at iba pang mga wika)

## **MGA KATANUNGAN TUNGKOL SA UTOS**

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa Utos na ito, tawagan ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County sa (833) 540-0473.

### **ITO AY IPINAG-UUTOS:**

**Muntu Davis, M.D., M.P.H.**  
Opisyal ng Kalusugan,  
Los Angeles County

**5/18/22**

**Petsa**